# Mapa sa paglilibot

Ang kalye ng Sakagura-dori sa Saijo ay nagsimula bilang isa sa mga himpilan ng kalakal noong panahon ng Edo. Simula noon, ito ay umunlad bilang pangunahing lugar sa paggawa ng Sake at tinawag na "Saijo-Kabisera ng Sake". Nakikinabang ito sa magandang klima at kalidad ng tubig bukal para sa paggawa ng alak. Hanggang ngayon, patuloy na tumatakbo ang pitong pagawaan ng Sake gamit ang kinaugaliang pamamaraan. Matatagpuan din sa katangi-tanging at kaakit-akit na kalyeng ito ang pulang ladrilyong tsimenea, mga pader na Namako, at mga sala-sala sa Saijo. Subukang bumisita at maglakad sa kalye ng Sakaguradori at maaliw sa mga tanawin at kultura dito.




## Istasyon ng JR Saijo

Lungsod ng Higashihiroshima
Sentro ng impormasyon para sa mga turista
Ikalawang palapag

☎ 082-430-7701 Open 9:00-18:00

Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa buong lungsod ng Higashihiroshima, at iba pa

Ang mga disenyong halintulad sa mga pader na Namako ay hango sa mga bulubundukin nakapaligid sa Saijo at sa malinis na tubig na ginagamit sa paggawa ng Sake. Maaaring magtanong dito gamit ang wikang Ingles.

1F Omiyage Kaido Saijo | Musashi Saijo Ekimae-ten | 2F | Bakery Saint Etoile Saijo-ten

## Kugurimon

Saijo Sakagura-dori
Sentro ng impormasyon para sa mga turista at lugar pahingahan

Namamahagi ng mga brochures, nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kalye ng Sakagura-dori, at nagbebenta rin ng mga pampasalubong

☎ 082-421-2511 Open 10:00-16:00

Closed Lunes *Bukas sa Lunes kapag pambansang pista opisyal at nakasara sa susunod na araw.

**Kugurimon**

Ang gusaling ito ay mayroong magandang eskinita sa gitna. Noong taong 2011, ito ay inayos muli at nilagyan din ng isang multipurpose room para sa mga eksibisyon at iba't ibang programa.

Kugurimon Coffee cafe | ● Sakagura-dori Karatula ng Kawaraban sa Sakagura-dori ● Komik ni Nonta Standee ● Kutsu-ishi

## Pananda

- Sentro ng impormasyon
- Paradahan
- Locker ng bagahe
- Wifi
- Kainan
- Pasalubong
- Pampublikong telepono
- Tuluyan
- Palikuran
- Convenience store
- Arkilahan ng kotse
- Sakayan ng bus
- Taxi

**Balon**

Ang tubig na nagmumula sa bundok ng Ryou ay ginagamit sa paggawa ng Sake. Binubuksan ng mga paggawaan ng Sake ang kanilang mga balon para sa publiko.

**Western style na mga gusali**

Mula sa panahon ng Taisho patungong Showa, iba' t-ibang paggawaan ng Sake ang nagpatayo ng mga modernong gusaling ito at ginawang kanilang mga opisina.

## Sentro ng impormasyon para sa mga Turista sa Saijo Sakagura-dori

Tayo ay magtipon ng mga pangunitang selyo ni Nonta!

**Si Nonta**

Ang maskot ng Lungsod ng Higashihiroshima.



## Mga stained-glass

Sa gusaling ito, makikita ang isang stained-glass na pinto na may disenyong imahe ng isang tagak. Ito ay nilikha sa kalagitnaan ng panahon ng Meiji.



## Paggawaan ng alak ng Ebisu-gura

Ang paggawaang ito ay nagtatanghal ng kauna-unahang bariles na ginamit ng Hiroshima Toyo Carp, isang koponan ng baseball, sa isang tanyag na fund-raising activity. Kasama dito ang mga boteng may disenyo ng mga simbolo ng Chinese Zodiac at iba pang uri ng mga bagay na may kaugnayan sa Sake.

## Maranasan ang apela ng Sake

- Impormasyon at mga video sa iba't ibang wika
- Pagtampok sa "Gold Kamotsuru"
- Pagtikim ng Sake
- Instragrammable na mga lugar
- Bago at orihinal na mga produkto
- Paglilibot sa pagawaan ng mga Sake kasama ang isang dalubhasa sa paggawa ng Sake (Kailang magpareserba muna)



## Tanghalan ng mga Sake at produktong gawa sa pagong

Makikita dito ang mga koleksyon ng Kirei na mga produktong gawa sa pagong . Alam mo ba na ang pangalang Kirei ay may Chinese karakter na nangangahulugang "pagong " ?





### Sugidama
(Bola ng sedro)

Ang sugidama o sakabayashi ay sinasabit sa sibe ng mga pagawaan ng Sake. Ito ay nagpapahiwatig na sila ay gumawa na ng alak. Ang ibang paggawaan ng Sake ay pinapalitan ito ng bago kapag natapos na ang produksyon at naibenta na ang alak.



### Mga sala-sala sa Saijo

Ito ay ginagamit para sa "machiya" (Makalumang bahay na gawa sa kahoy) at iba pa. Ito ay binubuo ng mga nakatayo at nakahigang mga sala-sala.



### Pader na Namako

Ang maitim at patag na mga baldosa ng bubong ay pinagdidikit at ang mga pagitan nito ay tinatakpan ng silindrong plaster. Ang paraan ng paggawa nito ay hango sa salitang "Namako" na ibig sabihin ay "tripang" o sea cucumber.



### Akagawara (mga pulang baldosa ng bubong)

Ang mga baldosang ito ay ginawa at pinakintab sa ilalim ng mataas na temperatura at ito ay hindi nasisira sa lamig. Ito ay nakabatay sa mga baldosa ng Sekishu-gawara.




### Komik "standee" ni Nonta

Makikita sa harap ng sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Sakaguradori. Maaring kumuha ng sariling litrato na parang ikaw ay umaakyat sa ladrilyong tsimenea o nakatingala sa Sugidama (Bola ng sedro) na makikita sa kalye ng Sakagura-dori.

### Takip ng manhole

Ang kakaibang disensyo ng takip ng manhole na ito ay tanging matatagpuan sa kalye ng Sakagura-dori. Mayroong mabibili na mga lalagyanan ng susi at tuwala na may parehong disenyo.





### Kakari-ishi
(Nakasabit na bato)

Ito ay ginagamit bilang isang pabigat para sa isang makalumang pahayagan na tinatawag na "fune" .



### Kutsu-ishi
(bato ng sapatos)

Itong bato na makikita sa kalye ng Sakagura-dori ay karaniwang nilalagay sa loob ng tangke.

### Pulang ladrilyong tsimenea

Ang mga matayog na simbolo ng mga pagawaan ng Sake sa kalye ng Sakagura-dori na matatanaw sa Saijo. Karamihan sa mga ladrilyong ito sa ginawa pa mula sa Akitsu-cho. Subukang hanapin ang labindalawang tsimenea na nakapalibot sa istasyon ng Saijo.






### Paggawaan ng Sake ng Hakubotan Empo-gura

Ang kaunaunahang paggawaan ng Sake sa Saijo.



### Karatula ng Kawaraban sa Sakagura-dori

Nagbibigay impormasyon tungkol sa Sake



### Monumento ng Sake

Ano ang kahulugan ng Sake para sa iyo?



### Makasaysayang tanghalan ng Saijo Honmachi

Ang kasaysayan at kultura ng kalye ng Sakagura-dori ay ipinapakilala dito.



### Nonta Daimyojin
(matatagpuan sa loob ng dambana ng Mitate)

Maaring makakuha ng Katashiro na Nonta sa Lungsod ng Higashihiroshima-Sentro ng impormasyon para sa mga turista
Isulat ang inyong mga hiling at mga alalahanin sa Katashiro at ilagay ito na may kasamang pera sa kahon na matatagpuan doon.

Si Nonta ay ang maskot ng lungsod ng Higashihiroshima.
Ang Katashiro ay isang papel na kahugis ni Nonta. Ginagamit ito para sulatan ng mga kahilingan at mga alalahanin o problema.



### Dambana ng Matsuo
(matatagpuan sa loob ng dambana ng Mitate)



### Mga labi ng panuluyanan ng Ochaya honjin



### Templo ng Aki Kokubunji

## Western-style na mga gusali



Kamotsuru



Kirei



Fukubijin



Kamoizumi (shusenkan)

## Sakagura-dori Mga matatamis



Tsokolateng truffle na may Sake
● Mike cacao



Taru-monaka at bin-monaka (hugis bote ng Sake) wafers
● Sakuraya



Sake lees karin (piniritong cookies )
● Kugurimon coffee



Gelato
● Saijotsuru
● Kirei
● Fukubijin



Biskwit na Nonta
● Kugurimon coffee



Sake lees caramels
● Omiyage Kaido
● Sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Saijo Sakagura-dori



Kendi ng Sake-no-ame

Kendi na Sake lees
● Kirei
● Fukubijin

## Sakagura-dori Pagkaing Gourmet



Bishu-nabe
(Sabaw gumagamit ng mataas na uri ng Sake)

Noong kapanahunan, ito ay itinuring na pagkain ng mga manggagagwa ng Sake. Sa sobrang sarap nitong sabaw na tinimplahan ng Sake, asin, at paminta, talagang malalasahan ang umami ng bawat sangkap.

● Mga kainan sa paligid ng Istasyon ng Saijo

## Sakagura-dori Orihinal na mga produkto



Manika na Nonta
● Omiyage Kaido
● Sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Saijo Sakagura-dori



Sabon ng Suppin kirei (pampaganda)
● Kirei

Sabon ng Fukubijin
● Fukubijin



Tote bags
● Kirei
● Fukubijin
● Kamoizumi



T-shirts na may disenyo ng label ng Sake
● Omiyage Kaido
● Sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Saijo Sakagura-dori

T-shirts na may disensyo ng bote ng Sake
● Omiyage Kaido
● Sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Saijo Sakagura-dori



Tokkuri (garapon ng sake)
● Bawat pagawaan ng Sake

Ochoko (tasa ng Sake)
● Bawat pagawaan ng Sake
● Sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Saijo Sakagura-dori



lalagyanan ng susi at tuwala na may disenyong manhole
● Omiyage Kaido
● Sentro ng impormasyon para sa mga turista sa Saijo Sakagura-dori

## Isinalin ko po ito sa Filipino.

Mabuhay! Kumusta po kayo?
Ako po si Jant galing Iloilo. Ako po ay nagaral dito sa Hiroshima. Sa inyong paglilibot sa Sakagura-dori, huwag po ninyong kalimutang kumuha ng napakaraming litrato at tumikim ng Sake.

